

### Pagpuksa sa mga pesteng kulisap

- Pinakamapinsalang pesteng kulisap ng kamoteng kahoy ang mga *spider mites* at *scale insects*.
- Magbomba lamang ng nararapat na pestisidyo kung kinakailangan.

### Pagsugpo ng sakit

- Ang cassava *bacterial wilt* at *cercospora leaf spot* ang mga karaniwang sakit ng kamoteng kahoy.
- Gumamit ng mga pananim na walang sakit.
- Alisin at sunugin ang mga halamang may sakit.

### Pag-aani

- Walong buwang pagkatanim, mag sampol upang malaman kung magulang na para anihin ang mga lamang ugat.
- Anihin ang mga ito sa pamamagitan ng mga kamay kung buhaghag ang lupa.
- Sa mga bahagyang matigas ang lupa, gumamit ng bar, ibaon ito sa lupa para magsilbing *lever*, o paraanan ang tabihan ng halaman ng ararong hila ng hayop.
- Kung mag-aani gamit ng kamay, putulin muna ang tangkay ngunit mag-iwan ng kaunting bahagi sa may puno ng halaman na syang magsisilbing hawakan kapag binunot na ang lamang-ugat.
- Putulin ang mga lamang ugat mula sa tangkay sa pamamagitan ng matalas na itak.
- Tanggalin ang lupang nakadikit sa mga ugat gamit ang isang patpat
- Ibenta agad ang ani o iimbak ang mga ito sa kanlong na lugar



Printed & produced by:

INFORMATION SERVICES SECTION  
Agricultural Training Institute—VII  
Cabawan District, Tagbilaran City



aticv.7@gmail.com  
ati\_7cv@yahoo.com



www.ati.da.gov.ph/ati-7  
www.e-extension.gov.ph/elearning



+63 917.321.8524

#### SOURCE:

Philippine Council for Agriculture, Forestry and  
Natural Resources Research & Development  
(PCARRD)

Department of Science & Technology (DOST)

Institute of Plant Breeding  
Crop Science Cluster  
College of Agriculture  
University of the Philippines Los Banos (UPLB)

## Produksiyon sa

# KAMOTENG KAHOY (CASSAVA)



# Paglalarawan ng barayti

## Lakan 1 (UPL Cv-2)

- Inaasahang ani ng sariwang ugat: 32 tonelada bawat ektarya
- Tamang gulang: 10 buwan matapos itanim
- Maraming maaring paggamitan: angkop bilang pagkain o para sa paggawa ng harina at pagkain sa hayop.
- Nagtataglay ng dilaw na lamang-ugat at kulay gatas na *root cortex* o ubod ng ugat
- *Dry matter content* ng lamang ugat: 45%; harina: 33%
- Matibay o di tinatablan ng *cassava bacterial blight* at *leaf spot*

## Sultan 6 (NSIC Cv-25)

- Inaasahang ani ng sariwang ugat: 39.1 tonelada bawat ektarya
- Tamang gulang: 10 buwan matapos itanim
- Pang-industriyal, angkop na gamitin sa paggawa ng harina at pakain sa hayop
- Nagtataglay ng puting lamang-ugat at kulay rosas na *root cortex* o ubod ng ugat
- *Dry matter content* ng lamang ugat 35%; harina: 23%
- Matibay sa *spider mites*, *scales insects* and *bacterial blight*
- Katamtaman ang resistensya laban sa *leaf spot*

## Sultan 7 (NSIC Cv-26)

- Inaasahang ani ng sariwang ugat: 37.9 tonelada bawat ektarya
- Tamang gulang: 10 buwan matapos itanim
- Pang-industriyal, angkop na gamitin sa paggawa ng harina at pakain sa hayop
- Nagtataglay ng puting lamang-ugat at kulay rosas na *root cortex* o ubod ng ugat
- *Dry matter content* ng lamang ugat 34.8%; harina: 22.8%
- Matibay sa *spider mites*, *scales insects* and *bacterial blight*
- Katamtaman ang resistensya laban sa *leaf spot*

## Rajah 3 (NSIC Cv-39)

- Inaasahang ani ng sariwang ugat: 37 tonelada bawat ektarya
- Tamang gulang: 10 buwan matapos itanim
- Pang-industriyal, angkop na gamitin sa paggawa ng harina at pakain sa hayop
- Nagtataglay ng puting lamang-ugat at kulay rosas na *root cortex* o ubod ng ugat
- *Dry matter content* ng lamang ugat 37.2%; harina: 23.7%
- Matibay hanggang sa katamtaman ang resistensya laban sa mga pangunahing insekto at sakit sa kamoteng kahoy.

## Produksiyon ng halaman

### Paghahanda ng lupa

- Aaruhin at suyurin ang lupa gamit ang traktora
- Kung gagamit ng hayop o kalabaw sa paghahanda ng lupa, gumawa ng ridges o palupo na may agwat na 1 metro
- Maglagay ng compost o tinuyong dumi ng hayop (50 supot/ektarya) habang inihahanda ang bukid upang ganap na maihalo ito sa lupa

### Pagtatanim

- Kumuha ng mga pananim sa mga sanga o tangkay ng kamoteng kahoy na may gulang na 8 buwan, at walang insekto at sakit
- Putulin ang mga tangkay ng 20-25 sentimetro ang haba
- Ayusin o pagsama-samahin ang mga pananim ayon sa bahagi ng tangkay kung saan kinuha ang mga ito: sa puno o ibaba; gitna o sa dakong itaas. Itanim ang mga ito ayon sa pagkakasama-sama
- Magtatagal ng hanggang 3 buwan ang mga tangkay na iniimbak sa mga malamig at kanlong na lugar. Agad na itanim ang mga ito upang mas mainam ang pagsibol.
- Kung paghahambingin ang pagsibol at ani ng

lamang ugat at harina, mas mainam na pananim ang mga bahaging pinutol mula sa may puno o dakong ibaba kaysa galing sa itaas ng tangkay.

- Magtanim sa layo o agwat na 1 metro sa pagitan ng 1 tuktok o palupo at .75 metro sa pagitan ng butas na tataniman.
- Magtanim ng pahalang sa lupang medyo tuyo, pataas (walang takip o tabon ang 3.5 sentimetro) sa lupang basang basa o sa panahon ng tag-ulan, o medyo nakatagilid kung kainaman ang pagkabasa ng lupa.
- Magtanim sa tudling kung tag-araw o sa palupo kung tag-ulan.
- Taniman muli ang mga bakanteng butas 2 linggo matapos magtanim.

### Pagpapataba o pag-aabono

- Maglagay ng anim na bag o supot ng abonong complete (14-14-14) bawat ektarya bago magtanim (*basal*).
- Bahagyang tabunan ng lupa ang abono.
- Maglagay ng pasunod na abono, dalawang bag ng urea (46-0-0) 2 buwan pagkatanim. Ilagay ang pataba sa isang band o 15 sentimetro ang layo buhat sa puno ng halaman.
- Agad na patubigan ang bukid upang matunaw ang abono.

### Pagpapatubig o pagdidilig

- Magpatubig kung tag-araw lalo na sa unang 3 buwan pagkatanim.
- Magpatubig lamang kung kinakailangan sa panahon ng tag-ulan.

### Pag-aalis o pagsugpo ng Damo

- Maggamas sa unang 2 buwan
- Magtastas (off barring) 3-4 linggo pagkatanim at magsampay o magsurko (*hill up*) pagkatapos ng 2-4 na linggo.
- Huwag maggamas matapos ang ikalawang buwan pagkatanim. Bunutin o putulin lamang ang mataas na damo.